Na-update noong
Abril 1, 2024

Mula nang magsimula ang operasyon ng FDIC noong 1934, ang karatula ng FDIC sa mga bintana ng bawat bank teller ay nagsilbing simbolo ng proteksyon sa inyong pinaghirapang ipon sa banko. Kapag bumisita ka sa isang bangko, nang personal man o online, ang Opisyal na Karatula ng FDIC ay nakikita sa bawat bank teller o online page na may deposit product, nakasisiguro ka na ang iyong perang inimpok sa banko ay protektado dahil ang iyong ipon na nakadeposito ay garantisadong protektado ng gobyerno ng Estados Unidos.

Ang mga consumer ay may iba't ibang opsyon para sa kung saan nila maideposito ang kanilang ipon sa banko at kung paano nila maa-access ang mga produkto at serbisyo ng pagbabangko. Gayunpaman, ang proteksyon ng mga depositong ito ay garantisado lamang sa mga FDIC insured bank.

Ang brochure na ito ay nagbibigay ng pangunahing impormasyon tungkol sa mga uri ng mga account na protektado, mga sakop na limitasyon , at kung paano ginagarantisado ng FDIC ang proteksyon sa iyong pinaghirapang ipon sakali mang ang iyong FDIC insured bank ay magsasarado. Para sa higit pang detalyadong impormasyon tungkol sa sakop ng proteksyon sa deposito, maaaring makatulong ang aming brochure na Proteksyon sa iyong inimpok sa Banko (https://www.fdic.gov/ resources/ deposit-insurance/brochures/ insured-deposits/).

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**Tumawag nang libre**
1-877-ASK-FDIC
(1-877-275-3342)

**Gamitin ang ang Electronic Deposit Insurance Estimator (EDIE) ng FDIC para sa pagkalkula kung ano ang sakop ng proteksyon sa inyong ipon sa banko.** https://edie.fdic.gov

**Basahin ang mga karagdagang impormasyon sa** https://www.fdic.gov/resources/deposit-insurance/

**Alamin ang mga kasagutan sa inyong mga katanungan tungkol sa deposit insurance sa aming** https://www.fdic.gov/resources/deposit-insurance/faq/

**Mag-order ng mga naka-print na kopya ng aming mga brochure sa pamamagitan ng** https://catalog.fdic.gov/catalog/s/

**Magtanong sa online gamit ang** https://ask.fdic.gov/fdicinformationandsupportcenter/s/

**Isulat ang katanungan sa pamamagitan ng Koreo sa U.S.**
Federal Deposit Insurance Corporation
Attn: Deposit Insurance Unit
550 17th Street, NW
Washington, DC 20429

# PINAIGTING GABAY TUNGKOL SA PROTEKSYON SA INYONG PINAGHIRAPANG IPON SA BANKO

FDIC-002-2024

FDIC

## ANONG MGA URI NG DEPOSITO ANG SAKOP SA PROTEKSYON NG FDIC?

### Sa mga bangkong FDIC Insured, ang mga sumusunod na deposit account ay protektado ng FDIC

- Mga Checking Account
- Mga Negotiable Order of Withdrawal (NOW) Account
- Mga Savings Account
- Mga Money Market Deposit Account (MMDAs)
- Mga Time Deposit, gaya ng mga Certificate of Deposit (CDs)
- Mga Cashier's Check, Money Order, at iba pang opisyal na bagay na inisyu ng isang bangko

### Ang mga sumusonod ay hindi protektado ng FDIC:

- Mga Pamumuhunan sa Stock
- Mga Pamumuhunan sa Bond
- Mga Mutual Fund
- Crypto Assets
- Mga Patakaran sa Life Insurance
- Mga Annuity
- Mga Munisipal na Seguridad
- Mga Safe Deposit Box o ang mga nilalaman nito
- Mga Bill, Bond, o Notes ng U.S. Treasury*

** Ang mga investments  na ito ay hindi sakop ng proteksyon ng FDIC, ngunit sila ay sinusuportahan ng buong pagtitiwala at kredito ng gobyerno ng U.S.*

## PAANO KO MALALAMAN NA ANG AKING PINAGHIRAPANG IPON SA BANKO AY PROTEKTADO?

Ang FDIC ay awtomatikong ginagarantisado ang protektsyon sa iyong pinaghirapang ipon sa banko kapag nagbukas ka ng deposit account sa isang FDIC Insured Bank. Maaari mong kumpirmahin kung ang iyong bangko ay FDIC Insured Bank sa pamamagitan ng pag gamit ng BankFind tool (https://banks.data. fdic.gov/bankfind-suite/bankfind) na makukuha sa aming website sa www. fdic.gov o maaari mong tawagan ang FDIC sa 877-ASK-FDIC (877-275-3342).

## PAANO KO MALALAMAN KUNG MAGKANO ANG SAKOP NG PROTEKSYON SA AKING INIMPOK SA BANKO?

Ang iyong ipon sa banko ay garantisadong protektado sa halagang $250,000 bawat depositor sa bawat FDIC Insured Bank at sa bawat kategorya ng pagmamayari ng account. Kapag kinakalkula ang halaga ng sakop ng isang indibidwal, idinaragdag ng FDIC ang lahat ng mga deposit account na hawak mo sa parehong kategorya ng pagmamay-ari sa parehong bangko anuman ang uri ng deposito (hal., Mga Certificate of Deposit (mga CD), checking, savings, o mga money market deposit account (MMDAs).

Nangangahulugan ito na kung mayroon kang mga deposito sa iba't ibang kategorya ng account sa parehong FDIC Insured Bank, maaaring higit sa $250,000 ang sakopng iyong proteksyon, kung ang lahat ng kinakailangan ay matutugunan.

Kung mayroon kang mga account sa iba't ibang FDIC Insured Banks, ang limitasyon sa bawat FIDC Insured Bank ay $250,000 bawat depositor para sa bawat kategorya ng pagmamay-ari ng account.

Ang Electronic Deposit Insurance Estimator (EDIE), ay makakatulong sa pagkalkula sa sakop ng proteksyon sa iyong impok sa Banko.

## KUNG ANG AKING BANGKO AY MAGSASARADO, PAANO PINOPROTEKTAHAN NG FDIC ANG AKING PERA?

Kung sakali mang ang FDIC Insured Bank ay magsasarado, ang iyong pinaghirapang ipon ay garantisadong protektado. Maliban sa mga pagkalugi dahil sa pagnanakaw o pandaraya, na sakop ng ibang mga batas. Sa manga pagkakataong ito,  lahat ng pamamaraan ay gagawin ng FDIC para ang mga customer ay may access sa kanilang ipon sa banko. Ginagarantisado ng FDIC na maibalik bawat sentimo sa customer ang lahat ng ipon sa banko sa lalong madaling panahon.

Kapag ang iyong pinaghirapang ipon ay  ay nasa isang FDIC Insured Bank, garantisado ang proteksyon ng iyong pera. Mula noong 1933, walang depositor ang nawalan ng isang sentimo sa kanilang mga ipon dahil protektado ito ng FDIC.

| **Mga Limitasyon sa Saklaw ng Seguro sa Deposito ng FDIC ayon sa Kategorya ng Pagmamay-ari ng Account** | |
|---|---|
| **Mga Single Account** (ibig sabihin, mga account na pagmamay-ari ng isang tao, walang mga benepisyaryo) | $250,000 bawat may-ari |
| **Mga Joint Account** (ibig sabihin, mga account na pagmamay-ari ng dalawa o higit pang tao, walang mga benepisyaryo) | $250,000 bawat may-ari |
| **Ilang Mga Retirement Account** (kabilang ang mga IRA) | $250,000 bawat may-ari, anuman ang bilang ng mga benepisyaryo |
| **Mga Trust Account** (kasama ang mga benepisyaryo)<br>• Mga Impormal na Revocable na Trust<br>◦ Mga Payable on Death (POD) or In Trust For (ITF)<br>• Mga Pormal na Revocable Trust<br>• Mga Irrevocable Trust | $250,000 bawat benepisyaryo, gamit ang sumusunod na formula:<br>**# ng Mga May-ari x # ng Mga Benepisyaryo x $250,000 = Halaga ng Nakaseguro** *(hindi lalampas sa $1,250,000 bawat may-ari para sa lahat ng trust account sa parehong bangko)* |
| **Mga Account ng Employee Benefit Plan** | $250,000 para sa hindi magkakaugnay na interes ng bawat kalahok sa plano |
| **Mga Account ng Korporasyon, Sosyohan, at Asosasyong Hindi Ingkorporada** | $250,000 bawat korporasyon, sosyohan, o asosasyong hindi ingkorporada |
| **Mga Account ng Pamahalaan** | $250,000 bawat opisyal na tagapag-ingat *(mas maraming saklaw na makukuha na napapailalim sa partikular na mga kondisyon)* |